Ang Kaunlaran sa mga Kapansanan ng Konseho ng Estado o State Council on Developmental Disabilities (SCDD) ay may misyon na siguraduhin na ang mga tao na may intelektwal/kaunlarang mga kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay makatanggap ng impormasyon, mga serbisyo, at suporta na kanilang kailangan upang mabuhay nang ganap, malayang pamumuhay sa mga komunidad na kanilang pinili sa buong estado ng California.

Ang Kaunlaran sa mga Kapansanan ng Konseho ng Estado o State Council on Developmental Disabilities ay nagpapasalamat na marami sa inyo ang tumugon sa pagsisiyasat ng Plano ng Estado. Ang kabuuang 6,329 na mga tugon ang natanggap nang online at sa pamamagitan ng pagsasanay sa komunidad at mga kaganapan (ang pagsisiyasat ay ibinigay sa 17 na iba't-ibang mga wika, dagdag sa Ingles). Lahat ng mga tugon ay ipinasok sa database ng Konseho (Qualtrics) at pinag-aralan upang matukoy ang mga isyu na pinakamahalaga sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang mga kapansanan, ang kanilang mga pamilya at iba pa sa California.

Ang mga tugon sa pagsisiyasat ay nagpapakita na ang mga tao ay nababahala tungkol sa mga lugar ng pinagtratrabahuan, pabahay, edukasyon at kalusugan/kaligtasan. Ang mga tao na may intelektwal/kaunlarang mga kapansan ay nagsabi na ang pamumuhay ang pinakamahalaga sa kanila. Ang mga tauhan ay nakatanggap ng 1,530 Hispaniko/Latino na mga pagsisiyasat, kasama ang 496 na mga Espansyol-lamang na mga pagsisiyasat. Para sa mga tao na nagsasalita lamang ng Espanyol, edukasyon ang pinakamahalagang alalahanin sa kanila.

Base sa pangangailangan ng pederal para sa trabahong Konseho, ang iminungkahing mga layunin ay nahati sa tatlong (3) mga lugar: Pansariling-Pagtataguyod, Sistema sa Pagbabago/Pagtataguyod, at Kapasidad-sa-Pagbuo/Tagapagtaguyod. Para sa mga layunin~~g~~ ng Plano ng Estado, pinag-aralan ng mga tauhan ang uri ng trabaho ng mga tao sa California na hiniling ng Konseho na kanilang isagawa. Kasama ng trabahong ito ang pagsasanay, tulong teknikal, espesyal na kaganapan at mga proyekto, at pagbigay ng impormasyon at pinagkukunan. Para sa patakaran, espesyal na mga proyekto, at sistema sa pagbabago sa trabaho, pinagpasiyahan ng miyembro ng Komite na bigyang-diin ~~sa~~ ang mga lugar ng pinagtratrabahuan, edukasyon, pabahay ~~ay~~ at kalusugan/kaligtasan. Para sa pagsasanay at tulong teknikal, ang tauhan ng Konseho ay magbibigay ng impormasyon, pagsasanay at mga pinagkukunan sa <u>lahat</u> ng mga lugar na mahalaga sa taong may mga kapansanan at ang kanilang mga pamilya.

Ang bilang ng mga aktibidad na pinaplano ng Konseho na gawin at ang bilang ng plano ng tao na nais niyong abutin ay base lahat sa : 1) pagsisiyasat ng trabaho na nakumpleto sa nakalipas na limang (5) taon, kasama ang bilang ng mga aktibidad na ibinigay at mga naabot ng mga tao; 2) Kapasidad ng tauhan ng Konseho at magagamit na pinagkukunan; at, 3) pagpapaunlad at pagsasakatuparan ng taunang plano sa trabaho ng Konseho. Ang bilang na ibinigay sa bawat banghay na layunin ng Plano ng Estado ay maikakalat sa limang (5) taon sa susunod na peryodiko ng Plano ng Estado (2022-26).

Base sa mga tugon sa pagsisiyasat (na may libong mga kumento) at pagsusuri na ibinigay ng tauhan ng Konseho, ang Komite ng Plano sa Estado ng Konseho ay bumuo ng iminungkahing Planong Estado. Hinihiling ngayon ng Konseho ang pampublikong pagsusuri at mga kumento sa iminungkahing Plano ng Estado ng California 2022-26. Ang pampublikong peryodiko ng kumento ay bukas ng 45 na araw.

Iminungkahing Plano ng Estado 2022-26

Hangarin 1: Pansariling Pagtataguyod

Paiigtingin ng Konseho ang mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan na maging matatag na tagataguyod-sa-sarili, tagasanay sa mga kaibigan at pinuno sa komunidad.

Layunin 1

Ang Konseho ay magbibigay ng impormasyon, mga mapagkukunan at 125 na mga pagsasanay upang mapatibay ang mga 1,250 na tagapagtaguyod-sa-sarili sa:

1) pagtukoy at paghiling ng suporta at mga serbisyo na kanilang kailangan;

2) pagganap at pagbigay serbisyo bilang tagasanay sa mga kasamahan; at,

3) pagpapabuti ng mga kasanayan at mga oportunidad na makilahok bilang isang matatag na mga aktibista para sa mga isyu na mahalaga sa kanila at sa kanilang mga pamilya.

Layunin 2

Susuportahan ng Konseho ang pansariling-pagtaguyod sa mga network ng mga kasamahan sa pamamagitan ng pagbigay ng pamamahala, tunay na suporta at tagapagtaguyod sa mga kasamahan/ oportunidad sa pamumuno sa isang estado at 12 na entitad sa pansariling pagtataguyod sa rehiyon, na umaabot sa 6,000 na tagapagtaguyod-sa-sarili.

Hangarin 2: Pagbabago sa Sistema/Pagtataguyod

Papangunahan ng Konsho sa pagsasama sa mga pamilya/tagapagtaguyod-sa-sarili at sa iba na protektahan at ipagtibay ang karapatang sibil at mapabuti ang mga Sistema-na-base- sa- komunidad na maging ganap at suportado sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Layunin 1

Ang Konseho ay bubuo, magpapabuti at/o babaguhin ang 30 na mga kasanayan, 15 na mga pamamalakad, at 10 mga regulasyon (o gabay) at/o mga batas sa sistema ng sentro ng rehiyon, serbisyo na base-sa-komunidad, at entidad ng gobyerno. Kasama ng trabahong ito ang mga lugar ng pinagtatrabahaun, edukasyon, pabahay, at kalusugan/kaligtasan sa mga paraan na makakapagbigay benepisyo sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan at protektahan ang kanilang sibil na karapatan , maitaguyod ang buong pagsasama, at/o karagdagang mga suporta at mga serbisyo, mapabuti ang kanilang buhay sa mga nakikitang mga paraan.

Layunin 2

Makikilahok ang Konseho sa 20 na pang-rehiyon at 5 na pang-estadong pagbabago/espesyal na proyekto at/o kaganapan sa mga lugar ng pinagtatrabahuan, edukasyon, pabahay, at kalusugan/kaligtasan na:

1) paigtingin ang 5,000 na tao (pamilya/tagapagtaguyod-sa-sarili at iba pa) sa pagsisikap sa pagbabago sa sistema at magbigay sa kanila ng impormasyon, kasanayan at/o mga suporta na mapabuti ang kanilang abilidad na maging mas epektibong tagapagtaguyod-sa-sarili; at/o,

2) maparami ang mga serbisyo upang mapabuti ang suporta sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Layunin 3

Ang Konseho, kasanib ang apat (4) na kasamahan ng pederal sa California (isang Ahensiya ng Proteksyon at Tagapagtaguyod at tatlong Unibersidad ng Sentro ng Kahusayan sa Kaunlaran sa Kapansanan o University Centers for Excellence in Developmental Disabilities), ay magtatasa ng generikong pangkalahatang serbisyo sa (mga) sistema na nakakaapekto sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan sa pamamagitan ng pagpili ng lugar ng pagbibigay-tuon sa Plano ng Estado, tulad ng edukasyon, pabahay, kalusugan o kaligtasan ,at ulat kung paano ang generikong pangkalahatang serbisyo ng (mga) sistema ay kasalukuyang nagbibigay serbisyo sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan (kasama ang parehong mga taong nabigyan ng serbisyo at hindi nabigyan ng Sentro ng sistema ng Rehiyon), pagitan ng pagbigay ng serbisyo sa (mga)Sistema, rekomendasyon kung paano mapabuti ang (mga)sistema upang makamit ang mga layunin sa DD Act, at maabot ang pamamalakad at pagsasanay ng pagbabago. Ang pagsanib ay magreresulta sa 2 na ulat, 6 na rekomendasyon para sa pamamalakad o pagsasanay sa pagbabago, at 2 pagbabago sa pamamalakad at pagsasanay.

Hangarin 3: Pagbuo-ng-Kapasidad/Tagapagtaguyod

Makikisanib at paiigtingin ng Konseho ang mas maraming mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan at kanilang mga pamilya, upang alam nila ang kanilang mga karapatan at maaaring maging tagapagtaguyod at makatanggap ng suporta at serbisyo.

Layunin 1

Ang Konseho ay magbibigay ng (pinangungunahan ng tauhan, pinangungunahan ng kasamahan at/o katulong) na nagsasanay sa 60,000 na tao (pamilya/tagapagtaguyod-sa-sarili/iba pa) sa buong estado – virtual, online at/o personal - at magbibigay ng tulong teknikal o technical assistance (TA)/klinika ng pagtataguyod sa sarili, na umaabot sa 50,000 na tao na may tulong at mapagkukunan na maitutukoy at makukuhanan ng mga suporta at serbisyo na makakatulong sa mga tao na may intelektwal/kaunlarang kapansanan na mamuhay sa mas ligtas at malusog na buhay.

Layunin 2

Makikilahok ang Konseho sa 100 na proyekto at mga kaganapan sa lugar ng pinagtatrabahuan, edukasyon, pabahay, kalusugan/kaligtasan, at lumalabas na mga isyu na umaabot sa 25,000 na tao (pamilya/tagapagtaguyod-sa-sarili/iba pa) na may impormasyon at mapagkukunan upang mapabuti ang kanilang kaalaman at maparami ang kanilang kapasidad na makakuha ng mga suporta at serbisyo na mahalaga sa kanila.

Layunin 3

Upang mabawasan ang pagkakaiba sa pagkuha ng libre, nararapat na pampublikong edukasyon, ang Konseho ay makikibaka sa mga 5,000 na pamilyang nagsasalita ng Espanyol/tagapagtaguyod-sa-sarili sa buong estado para maparami ang bilang at uri/kalidad ng serbisyo ng espesyal na edukasyon na natatanggap sa kanilang lokal na ahensiya ng edukasyon.

Pakibahagi ang iyong mga kumento